


Filipino

Unang Markahan – Modyul 5: Maikling Kuwento mula sa France (Panitikang Mediterranean)



**Filipino – Ikasampung Baitang
Alternative Delivery Mode**

**Unang Markahan (Panitikang Mediterranean) – Modyul 5: Maikling Kuwento mula sa France
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand name*, tatak o *trademark*, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyal. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyal na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat:	Flora M. Leiza, Alvin D. Mangaoang
Editor:	Luisito V. Libatique
Tagasuri:	Arabella May Z. Soniega, Virgilio C. Boado, Gina A. Amoyen Editha T. Giron, Gemma Erfelo, Rowena Abad, Maria Teresita R. Gapate, Renato R. Santillan
Tagaguhit:	Rodel R. Rimando, Ernesto F. Ramos Jr., Robin Ace T. De Guzman
Tagalapat:	Alvin D. Mangaoang
Tagapamahala:	Tolentino G. Aquino, Atty. Donato D. Balderas Jr., Arlene A. Niro, German E. Flora, Gina A. Amoyen, Editha T. Giron, Virgilio C. Boado, Alejo R. De Sesto

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Region I

Office Address: Flores St., Catbangan, City of San Fernando, La Union

Telefax: (072) 682-2324; (072) 607-8137

E-mail Address: region1@deped.gov.ph

10

Filipino

**Unang Markahan – Modyul 5:
Maikling Kuwento mula sa France
(Panitikang Mediterranean)**

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinomang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan naming magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kaming matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Magandang araw sa iyo minamahal kong mag-aaral! Batid kong ikaw ay handang-handa na at may pananabik na mag-aral at matuto. Kung gayon, ikaw ay maghanda na sa mga susunod na araling ating pag-aaralan.

Sa **Modyul 5** ay iyong mababatid ang isang maikling kuwentong pinamagatang “Ang Kuwintas” ni Guy de Maupassant na nagmula sa bansang France. Ang bansang France ay matatagpuan sa Timog na bahagi ng Europe. Ang pangalang France ay galing sa salitang Latin na “*Francia*” na ang ibig sabihin at “Lupain ng mga *Franks*”. Bago pa man nakilala sa katawagang France, kinilala ito sa katawagang Gaul.

Magugunita na ang kultura ng France ay naimpluwensiyahan ng Celtic at Gallo-Roman Culture, gayon din ang Franks, isang tribong German. Sa kasalukuyan, kitang-kita sa kultura ng mga taga-France ang sopistikasyon at matinding patriyotismo lalo na sa Paris, kabisera nito na kinikilalang sentro ng *fashion* (nauuso, moda, porma at rampa) sa buong mundo.

Sikapin mong tuklasin kung masasalamon ba sa katauhan ng mga tauhan ang pag-uugali ng mga tao sa bansang pinanggalingan nito. Huhubugin din ang iyong kasanayan sa paggamit ng mga panghalip bilang panuring sa tauhan upang ikaw ay makapagsalaysay ng nabuong sariling wakas ng kuwento.

Sa pag-aaral sa modyul na ito, inaasahang matatamo mo ang sumusunod:

Mga Pinakamahahalagang Kasanayang Pampagkatuto (MELC)

1. Naipaliliwanag ang ilang pangyayaring napakinggan na may kaugnayan sa kasalukuyang mga pangyayari sa daigdig. **(F10PN-If-g-66)**
2. Nakapagbibigay ng mga halimbawang pangyayari sa tunay na buhay kaugnay ng binasa. **(F10PB-If-g-67)**
3. Nabibigyang-kahulugan ang mahihirap na salita o ekspresyong ginamit sa akda batay sa konteksto ng pangungusap. **(F10PT-If-g-66)**
4. Nagagamit ang angkop na mga panghalip bilang panuring sa mga tauhan. **(F10WG-If-g-61)**

Halika na't tawirin natin ang dagat ng Mediterranean at tuklasin ang kultura ng mga taga-France sa tulong ng kanilang maikling kuwento.



Subukin

Bago tayo dumako sa ating talakayan tungkol sa maikling kuwento, magkakaroon muna tayo ng paunang pagtataya upang malaman ang iyong inisyal na kaalaman hinggil sa paksang tatalakayin.

PAUNANG PAGTATAYA

- A. Panuto: Pakinggang mabuti ang tekstong nakakahon sa ibaba na babasahin ng iyong kapamilya at pagkatapos ay sagutin ang mga kasunod na tanong batay sa iyong napakinggan. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

Labis ang pagsisisi ni Jose habang kumakain sa hapag ng agahan. “Bakit! Bakit pa ba ako isinilang – kung ganito lamang ako. Sana’y namatay na lang ako” sambit nito sa kaniyang sarili habang pilit na isinusubo ang kaning may ilang butil ng asin sa kaniyang plato. Mariing pinagmamasdan ng kaniyang inay na kararating pa lang upang kunin ang paglalabhan sa kabilang bahay.

“Ano ba naman ‘yan Jose, ang kanin matatapon! Umayos ka nagpapakahirap na nga ako sa paglalabada’y pinaglalaruan mo lamang ang kaning ‘yan. Tandaan mo anak, ang bawat grasyang nakahain diyan sa hapag ay galing sa aking pawis. Sana’y maawa ka naman”, pagpapaliwanag ng kaniyang magulang.

*Halaw mula sa akdang “Kabuluhan ng Buhay”
ni: Emmar C. Flojo (Bahagi lamang)*

1. Ano kayang estado sa buhay ang nararanasan ng mag-ina sa napakinggang akda?

2. Bakit kaya nagrereklamo ang anak? Ipaliwanag.

3. Anong kasalukuyang pangyayari sa daigdig ang maaaring maiugnay sa kalagayan ng buhay na mayroon ang mag-ina? Ipaliwanag.

4. Kung ikaw ang ina sa napakinggang akda, paano mo haharapin ang ganitong suliranin sa buhay? Bigyang-paliwanag ang sagot.

5. Paano kaya mabibigyang-kalutasan ang ganitong pangyayari sa kasalukuyan? Ipaliwanag ang iyong sagot.

- B. Panuto: Basahing mabuti ang kasunod na bahagi ng akda at pagkatapos ay magbigay ng limang mga halimbawang pangyayari sa tunay na buhay kaugnay ng binasa. Isulat sa sagutang papel ang iyong sagot.

“Mas mabuti pa ang aking kaibigan naiintindihan ako, eh ikaw ‘nay, ni wala ka na ngang oras para sa akin. Basta lang mapakain mo lang ang iyong anak ay tama na sa iyo ‘yon”. Tumayo si Jose at kinuha nito ang bag sabay nilisan nito ang bahay papuntang eskuwelahan.

Sa bukana pa lamang ng eskuwelahan ay nakasalubong ni Jose sina Brando at mga kaibigan nito. “Halika na pare, sumama ka na sa amin”, wika ni Brando. Walang pag-aalinlangan tumugon siya sa paanyaya nito dahil sa nangyaring pagtatalo nito sa kaniyang inay. Gusto niyang makalasp ng ibang ihip ng hangin na magdadala sa kaniya ng pagkalimot sa nangyari sa kanilang mag-ina.

*Halaw mula sa akdang “Kabuluhan ng Buhay”
ni: Emmar C. Flojo (Bahagi lamang)*

- C. Panuto: Pansinin ang mga salitang nakasalungguhit sa bawat pangungusap. Ibigay ang kahulugan ng mga mahihirap na salita o ekspresiyong ginamit sa akda batay sa konteksto ng pangungusap. Isulat sa sagutang papel ang iyong sagot.

- _____ 1. “Lubhang nalibang si Mathilde sa pakikipagsayaw kaya’t mag-iikapat na ng madaling araw nang silang mag-asawa’y umuwi. Tanging isang lumang dokar na lamang ang kanilang nasakyan.” Ang dokar ay isang _____
- _____ 2. “O, kahabag-habag kong kaibigan! Ang ipinahiram ko sa iyong kuwintas ay imitasyon lamang.” _____
- _____ 3. Sinubok niyang isuot ang hiyas sa harap ng salamin, nagbabantulot siya at hindi mapagpasiyahan kung ang mga iyon ay isasauli o hindi. _____
- _____ 4. May taglay siyang alindog na hindi nababagay sa kasalukuyan niyang kalagayan sa buhay. _____
- _____ 5. Kung kani-kanino sila nanghiram, lumagda sa mga kasulatan, pinasok at pumatol sa lahat ng uri ng manghuhuthot. _____

- D. Panuto: Basahing mabuti ang kasunod na talata. Gamitan ng angkop na panghalip bilang panuring sa mga tauhan ang mga patlang upang mabuo ang diwa ng talata. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

Sina Impen at Ogor ay mahigpit na magkaaway. Lagi **1.** _____ nagkikita sa posong igiban. **2.** _____ madalas makikita ang mga agwador na tulad nila. Madalas na natutukso si Impen dahil sa kulay ng **3.** _____ balat. Ito ang dahilan kung bakit ayaw sa **4.** _____ ni Ogor at sanhi ng **5.** _____ matinding basag-ulo. May pag-asa pa kayang magkasundo ang dalawa?

Mahusay! Nagawa mo ang paunang pagtataya upang malaman ang iyong kaalaman hinggil sa ating mga mapag-aaralan. Huwag kang mag-alala kung mababa man ang iskor na iyong nakuha. Pagkatapos ng araling ito ay tiyak na mapauunlad mo pa iyan at marami kang matututuhan. Dagdagan mo lang ang pagsisikap habang tayo’y nagpapatuloy.

Aralin

1.1

Maikling Kuwento mula sa France Panitikan: Ang Kuwintas




Balikan

Sa nakaraang modyul, natalakay natin ang kahulugan ng epiko at ang mga hudyat sa pagsusunod-sunod ng mga pangyayari. Nabatid nating ang epiko ay isang akdang nagpapakita ng kabayanihan at pakikipagsapalaran ng pangunahing tauhan. Bilang pagbabalik-tanaw sa kasanayan sa nakaraang modyul, inaasahang isasagawa mo ang gawain gamit ang konsepto ng mga panandang pandiskurso. Tara na't magsimula na tayo.

Gawain 1: Pagsusunod-sunod ng mga Pangyayari

Panuto: Ibuod ang mga pangyayaring naganap sa Epiko ni Gilgamesh sa tulong ng mga hudyat sa pagsusunod-sunod ng mga pangyayari. Kopyahin ang grapikong presentasyon sa inyong sagutang papel.



Mahusay! Puspusan mong nagawa ang unang gawain. Ngayon, mahalaga ring masulyapan mo ang tekstong “Kultura ng France: Kaugalian at Tradisyon” upang mabigyan ka ng kabuoang pananaw tungkol sa kanilang kultura at higit mong maunawaan ang paggamit ng panghalip sa pagbibigay-turing sa tauhan.



Tuklasin

Narito ang isang maikling kuwento mula sa France. Basahin ito at unawain nang mabuti upang matuklasan ang mensaheng nais ipahiwatig ng akda. Makatutulong din ito sa pagsagot mo sa mga susunod pang gawain. Pag-aralan kung masasalamin sa katauhan ng mga tauhan ang pag-uugali ng mga taga-France, ang pinagmulan ng akda.

Ang Kuwintas

ni Guy de Maupassant
muling isinalaysay ni Flora M. Leiza

Si Mathilde ay isang maganda at mapanghalinang babae ngunit siya ay isinilang na mahirap. Pumayag siyang pakasal sa isang abang tagasulat sapagkat walang paraan upang siya'y makilala.

Sa kaniyang paniniwala ang katulad niyang maganda ay hindi nababagay sa kahirapang kaniyang hinahaharap kung kaya siya ay labis na nagdurusa.

Isang gabi, masayang dumating ang kaniyang asawang si G. Loisel na may dalang sobre na naglalaman ng paanyaya sa isang kasiyahan mula sa Ministro ng Instruksiyon Pampubliko. Ngunit sa halip na matuwa si Mathilde, padabog niyang inihagis ang sobre sa mesa at bumulong na ano ang gagawin niya rito. Ipinaliwanag ni G. Loisel na piling-pili lamang ang nabigyan ng paanyaya at nais lamang niyang malibang ang asawa. Natigilan siya nang mapansin niyang umiiyak ang asawa. Tinanong niya ito kung bakit. Sinabi ni Mathilde na ipamigay na lamang niya ang paanyaya sa iba. Hindi siya makadadalo dahil wala naman siyang maisusuot na bestida. Tinanong ni G. Loisel kung magkano ang halaga ng bestida. Dali-daling gumawa ng pagtataya si Mathilde at sinabi niyang nasa apat na raang Pranko ito. Namutla ang lalaki sa kaniyang narinig, magagamit pa sana niya ang halagang ito sa pagbili ng baril pang-ibon ngunit sa huli, ibinigay pa rin niya ang pera sa asawa para makabili na ito.



Muling iginuhit ni Rodell R. Rimando
(2020). Larawan ni Mathilde

Malapit na ang araw ng kasiyahan ngunit tila malungkot pa rin si Mathilde. Mabuti pa'y hindi na lang daw siya dadalo dahil magmumukha siyang kawawa sapagkat wala man lang siyang hiyas na maisusuot. Biglang naisip ni G. Loisel ang kaibigan ni Mathilde na si Madame Forestier para sa kaniya na lamang muna siya humiram ng alahas. Napasigaw si Mathilde sa tuwa kaya kinaumagahan, nagtungo siya sa kaniyang kaibigan at siya naman ay pinahiraman nito ng isang kuwintas.

Sumapit na ang inaasam na araw ng kasiyahan. Nagtagumpay si Mathilde sapagkat nahigitan niya ang lahat ng mga babae sa ganda, rangya at sa pagiging kahali-halina. Kung kaya siya ay naging maligaya nang gabing iyon.

Napako sa kaniya ang tingin ng mga kalalakihan at lahat sila'y nagnanais siyang isayaw. Mag-iikaapat na ng madaling araw nang silang mag-asawa ay umuwi.

Sa kanilang paghahanap ng masasakyan, ibinalabal ni G. Loisel ang isang abang pangginaw sa asawa. Dinamdang ni Mathilde ang pagkakaroon nito kaya agad siyang tumalilis upang hindi siya mapansin ng ibang kababaihang may magagarang balabal. Nahirapan silang maghanap ng masasakyan dahil madaling araw na't kapwa na sila nanginginig sa lamig. Sa wakas, nakahanap na sila ng isang matatandang dokar (kalesa) na ikinahihiya pa ni Mathildeng sakyan.

Nakarating na sila sa kanilang tahanan. Tapos na ang maliligayang sandali kay Mathilde. Sa lalaki naman, wala siyang iniisip kundi kailangan niyang makasapit sa Kagawaran sa ganap na ika-10:00 ng umaga. Nang humarap si Mathilde sa salamin upang muling makita ang kaniyang kagandahan, siya ay napasigaw sapagkat ang kuwintas na kaniyang hiniram ay wala sa kaniyang leeg. Sinabi niya sa kaniyang asawa na nawawala ang kuwintas.

Hinanap nila ang kuwintas ngunit ito ay hindi nila makita. Bumalik din ang lalaki sa mga lugar na kanilang pinuntahan. Sa kaniyang pagbalik, hindi pa rin niya ito nakita. Nanlumo si Mathilde sa ibinalita ng asawa. Sa harap ng gayong nakagigimbal na pangyayari, si Mathilde ay maghapon ng naghahintay na sapupo ng di-matingkalang pangamba. Bumalik kinagabihan ang lalaki, pagod na pagod, namumutla at nanlalalim ang mga mata. Hindi niya natagpuan ang kuwintas. Pinayuhan ng lalaki ang asawa na sumulat sa kaibigan nito at sabihing nabali ang sarahan ng kuwintas at kasalukuyan pang ipinagagawa upang magkapanahon silang makapag-isip-isip. Ginawa naman ng babae ang payo ng asawa.

Pagkalipas ng isang linggo ay lubusan na silang pinanawan ng pag-asa. Sa maikling panahong iyon, si Mathilde ay tila tumanda ng limang taon. Nagpahayag ang lalaki sa asawa na kailangang isipin nila kung paano mapapalitan ang nawalang kuwintas. Kinabukasan, ang mag-asawa'y nagtungo sa tanggapan ng alaherong nakasulat ang pangalan at direksyon sa loob ng kahon ng kuwintas. Hinanap ng alahero sa kaniyang talaan ang sinasabing kuwintas ngunit bigo silang makahanap nito.

Pinuntahan ng mag-asawa ang lahat ng mga maghihiyas upang makakita ng katulad ng nawala, na ang anyo ay buong pagsisikap na inalala samantalang kapwa sila nanlulupaypay sa pagkabigo at paghihirap ng kalooban. Nakatagpo sila sa isang tindahan sa Palais Royal ng isang tuhog ng diyamanteng sa palagay nila ay katulad ng kanilang pinaghahanap na kuwintas. Nagkakahalaga ito ng apatnapung libong prangko, ngunit ibibigay na sa kanila sa halagang tatlong anim na libo. Pinakiusapan ng mag-asawa ang may-ari ng tindahan na huwag munang ipagbili ang kuwintas sa loob ng tatlong araw.

Pinakiusapan din nila ang may-ari ng tindahan na kung sakaling bago magtapos ng buwan ng Pebrero ay makita nila ang nawawalang kuwintas, matapos nilang bayaran ang bagong kuwintas ay bibilhin itong muli ng may-ari ng tindahan sa halagang tatlong anim na libong prangko. May namanang labingwalong libong prangko si Mathilde sa namatay na ama. Gayon din ang ginawa ng lalaki. Kung kani-kanino siya nanghiram, lumagda sa mga kasulatan, pinasok kahit na ang mga gipit na kasunduan, kumuha ng mga patubuan at pumatol sa lahat ng uri ng manghuhuthot.

Nang matipon na lahat ang halagang kinakailangan ay tinungo ni Mathilde ang tindahan ng kuwintas. Nang mabili na nila ang kuwintas ay dagli nila itong isinauli kay Madam Forestier na naging malamig ang pakikiharap sa kaniya.

Mula noon, lubos na naunawaan ni Mathilde ang mamuhay sa gitna ng matinding karalitaan. Nabigla man siya sa bagong papel na kailangan niyang gampanan ay tinanggap niya iyon at buong tatag na ginampanan. Dapat mabayaran ang napakalaki nilang pagkakautang. Pinaalis nila ang kanilang utusan, lumipat ng ibang tirahan, nagtiis sila sa pangungupahan sa isang maliit na silid sa kaituktukan ng isang bahay-paupahan.

Naranasan ni Mathilde ang mabibigat na gawain; ang nakayayamot na pangangasiwa sa kusina, paghuhugas ng mga pingggan, paglilinis ng mga kaldero at kawaling mamantika, paglalaba ng mga damit, mantel at pamunas. Ipinapanaog niya sa lansangan ang kanilang kakaning baboy sa tuwing umaga at nagpapanhik siya ng tubig na gamit nila sa itaas. Suot niya ang pananamit ng pangkaraniwang babae, siya'y nagtutungo sa tindahan ng prutas, de lata at sa magkakarne. Nakasabit sa isang braso ang basket, nakikipagtawaran siya, nilalait at ipinakikipaglaban ang kakarampot niyang pamalengke.

Matapos ang sampung taon, natapos na rin nila ang lahat ng kanilang utang. Kasama na ang mga tubong nagkapatong-patong. Mukhang matanda na si Mathilde, isa na siyang tunay na babae na mayroong maralitang buhay.

Isang araw ng Linggo, habang si Mathilde ay naglalakad sa Champs Elysees upang magliwaliw matapos ang mga gawaing bahay, nakita niya si Madam Forestier na may kasamang bata. Katulad pa rin ito ng dati na may taglay na panghalina. Binati niya ito ngunit siya ay hindi nito nakilala sapagkat malaki na ang ipinagbago ang kaniyang itsura. Isinisi niya kay Madam Forestier ang nangyari sa kaniya.

Sinabi niya sa kaniya ang nangyari. Ang pagkawala ng kuwintas at ang pagbili niya ng kapalit ng kuwintas ang naging dahilan ng kahirapang kaniyang pinagdaanan. Ngunit sinabi ni Madam Forestier na ang kaniyang ipinahiram ay isa lamang imitasyon. Ang pinakamataas na maihahalaga ay limang daang prangko lamang.

Maaaring panoorin ang buod ng kuwento sa link na ito:

<https://www.youtube.com/watch?v=SCUprYhoT6I>

Sa iyong pagbabasa ay maaari kang makakita ng mga salita na bago sa iyong pandinig, o mga salitang mahirap unawain. Upang hindi mahirapan sa mga salitang ito, narito ang isang gawain para sa pagpapalawak ng talasalitaan.

Gawain 2: Paglinang ng Talasalitaan

Panuto: Ibigay ang kahulugan ng mga salitang nakasalungguhit sa Hanay A ayon sa pagkakagamit sa pangungusap. Piliin at isulat ang letra ng sagot mula sa Hanay B sa iyong sagutang papel.

HANAY A

- _____ 1. Sa pagmamasid niya sa babaeng Briton, nakadarama siya ng lumbay sa kaniyang puso.
- _____ 2. Nagulumihanang napahinto ang lalaki nang makita niyang umiiyak ang kaniyang asawa.
- _____ 3. O kahabag-habag kong Mathilde! Ang ipinahiram kong kuwintas ay imitasyon lamang.
- _____ 4. Labis ang pagmimithi niyang masiyahan siya, maging kahali-halina at pangimbuluhan ng ibang babae sa kasiyahan.
- _____ 5. Nanghiram siya kung kani-kanino, lumagda sa mga kasulatan at pumatol ng mga patubuan sa lahat ng uri ng manghuhuthot.

HANAY B

- A. lungkot
- B. nagpapautang nang may mataas na tubo
- C. kainggitan
- D. kaawa-awa
- E. naguluhan

Dagdag kaalaman...

Ang **pagbibigay-kahulugan sa isang salita batay sa konteksto ng pangungusap** ay nakabatay ang kahulugan sa paraan ng pagkakagamit ng salita sa pangungusap. Natutukoy ito sa tulong ng mga *context clues*. Pansinin ang iba't ibang paraan ng pagpapakahulugan sa salitang **tinapay** sa sumusunod na halimbawa.

Mga Halimbawa:

- Nakita kong iniabot ng bata ang **tinapay** sa batang lansangan.
- Kapag binato ka ng bato, batuhin mo ng **tinapay**.
- Si Hesus ay ang **tinapay** ng buhay dahil siya ang gumagabay sa mga tao.

Sa unang halimbawa, ang salitang **tinapay** ay ginamit sa pangungusap sa literal na paraan, ito ay nangangahulugang **isang pagkain**; sa ikalawang halimbawa, ang kahulugan ng **tinapay** batay sa pagkakagamit sa pangungusap ay **kabutihan** dahil ito ay ginamit sa paraang matalinghaga habang sa ikatlong halimbawa ang salitang **tinapay** ay nangangahulugang **gabay** at ginamit sa pangungusap sa paraang kontekstual.

Gawain 3: Pagbibigay-kahulugan

Panuto: Ang mga salitang initiman sa sumusunod na pangungusap ay mga mahihirap na salita o ekspresiyong ginamit sa akda. Bigyang-kahulugan ang mga ito batay sa konteksto ng pangungusap. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

- Inilagay niya ang buong buhay niya sa alanganing katayuan, dahil sa mga hirap na maaari pa niyang kasapitan, nanggipuspos siya sa mga nakaambang pagdurusa na puspos ng **pagsasalat** at paghihirap.
- Nagbabantulot** siya at hindi mapagpasiyahan kung ang mga hiyas na iyon ay isasauli pa o hindi na.
- May taglay siyang **alindog** na hindi nababagay sa kasalukuyan niyang kalagayan.
- Naglalaro sa kaniyang **balintataw** ang anyo ng tahimik na tanggapang nasasabitan ng mamahaling kurtina.
- Sa harap ng gayong nakagigimbal na pangyayari, si Mathilde ay maghaponag naghihintay na **sapupo** ng pangamba.

Mahusay! Binabati kita sa pagsagot sa ating talasalitaan. Upang lubusan mong maunawaan ang akdang iyong binasa, makatutulong sa iyo ang pagsagot sa mga mahahalagang katanungan. Alam kong kayang-kaya mong sagutin ang sumusunod na katanungan dahil ikaw ay may malalim na pang-unawa.

Gawain 4: Pag-unawa sa Maikling Kuwento

Panuto: Sagutin ang sumusunod na mga tanong buhat sa binasang akda. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

- Bakit hindi masaya si Mathilde sa piling ng kaniyang asawa?

- Ano ang hangarin niya sa buhay? Makatuwiran ba ito sa kaniyang kalagayan? Ipalawanag.

- Maituturing bang pagsubok sa buhay ang naranasan ni Mathilde? Ipalawanag.

4. Sa kasalukuyang panahon, may mga katulad pa ba ni Mathilde na iyong nakikita? Patunayan.

5. Bigyang-patunay na ang pag-uugali ng mga pangunahing tauhan sa akda ay masasalamang sa kung anong pag-uugali mayroon ang mga tao sa France na pinagmulan ng akda / maikling kuwento.

Gawain 5: Pananaw Ko, Ibabahagi Ko

Panuto: Sagutin sa inyong sagutang papel ang sumusunod na katanungan buhat sa akdang binasa.

1. Ipakilala ang mga pangunahing tauhan sa kuwento sa pamamagitan ng kasunod na talahanayan.


Tauhan	Katangiang Pisikal	Gawi/Aksiyon	Reaksiyon ng Ibang Tauhan


2. Ano ang mensaheng nais iparating ng maikling kuwento?

3. Ano kaya sa tingin mo ang maaaring dahilan kung bakit hindi nakukuntento sa buhay ang isang tao? Paano malulunasan ang ganitong suliranin?

4. Nangyayari din ba ito sa ating bansa? Magbigay ng mga pangyayaring magpapatunay dito.

5. Gumuhit ng tatlong hugis ng kuwintas sa iyong papel para sa iyong sagot sa sumusunod na tanong. Anong katangian ni Mathilde ang gusto mong baguhin? Isulat ito sa unang kuwintas. Anong magandang katangiang taglay naman niya? Isulat ito sa ikalawang kuwintas. Anong natutuhan ni Mathilde sa kaniyang naging karanasan? Isulat ito sa ikatlong kuwintas. Bigyang patunay ang iyong mga sagot





Suriin

KULTURA NG FRANCE: KAUGALIAN AT TRADISYON

Kadalasan ay ikinakabit ang kulturang Pranses sa Paris, na sentro ng moda, porma, nauuso, pagluluto, sining at arkitektura, subalit ang buhay sa labas ng lungsod ng mga ilaw ay ibang-iba at nagkakaiba sa bawat rehiyon.

Mga Wika sa France

- French ang pangunahing wika ng 67.07 milyong mamamayan (pagtatantiyang Mayo 2020), subalit may iba pang wika ang mga rehiyon. Ang French, ang wikang opisyal ng France ay ang unang wika ng 87.2% ng populasyon.

Relihiyon ng France

- Kristianismo (Katoliko) ang pangunahing relihiyon ng France – tinatayang 51.1% ito ng populasyon, 39.6% naman ang walang relihiyon (atheism o agnosticism), 5.6% ang Islam, 2.5% ang iba pang relihiyon at 0.4% ang hindi makadesisyon sa kanilang paniniwala.

Pagpapahalaga ng mga taga-France

- Malaki ang pagpapahalaga ng mga taga-France sa kanilang bansa at pamahalaan at karaniwang nagagalit kapag nakaririnig ng negatibong komento tungkol sa kanilang bansa. Ang pag-uugali nilang ito ay karaniwang itinuturing ng mga turista, lalo na ng mga Amerikano, na kawalang-galang.
- Ang ekspresiyong “*chauvinism*” ay nagmula sa France. Ito ay anyo ng matinding patriyotismo at isang paniniwala sa pambansang kataasa-taasan at kaluwalhatian. Niyayakap ng mga taga-France ang estilo at sopistikasyon at ipinagmamalaki nila ang katotohanang kahit sa mga pampublikong lugar ay mala-maharlika sila.
- Ang mga taga-France ay naniniwala sa “*egalite*” na nangangahulugang pagkakapantay-pantay, at ito’y bahagi ng *motto* ng kanilang bansa: “*Liberte, Egalite, Fraternite.*” Marami ang nagsasabi na mas pinahahalagahan nila ang pagkakapantay-pantay kaysa kalayaan at pagkakapatiran, ang dalawang huling salita sa kanilang motto.

Lutuin

- Ang pagkain at alak ay sentro ng buhay sa lahat ng antas ng lipunan at maraming mga pagtitipon ang nagaganap sa isang marangyang hapunan. Palaging may tinapay sa bawat oras ng pagkain at karaniwan nang makakita ng mahabang tinapay na tinatawag na *crusty baguettes* na iniuwi sa bahay. Ang keso ay mahalaga ring sangkap ng bawat pagkaing French.

Pananamit

- Ang Paris ay kilala sa matataas na uri ng *fashion houses*; ang mga taga-France ay kilala sa hindi matatawarang mariringal na pananamit. Karamihan sa kanila ay sopistikado kung manamit, disente at sunod sa uso (*professional and fashionable style*), ngunit hindi sobra sa dekorasyon (*overly fussy*). Ang karaniwang damit nila ay mahahabang amerikana, terno, mga bandana (*scarves*) at berets o bilog at malalambot na sombrero.

Sining


- Ang sining ay nasa lahat ng sulok ng France – lalo na sa Paris at iba pang pangunahing lungsod – at ang impluwensiyang Gothic, Romanesque Rococo at Neoclassic ay makikita sa maraming simbahan at iba pang pampublikong gusali.

Mga Piyesta at Pagdiriwang

- Ipinagdiriwang ng mga taga-France ang mga tradisyunal na piyesta ng mga Kristiyano tulad ng Pasko at Mahal na Araw. Inaalaala din nila ang May Day, kilala rin bilang Araw ng mga Manggagawa tuwing Mayo 1 at Araw ng Tagumpay sa Europa kapag Mayo 8 bilang pag-alaala sa pagtatapos ng pakikipaglaban sa Europa noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig.

Gawain 6: Pag-uugnay sa Tunay na Buhay

Panuto: Mula sa nabatid na impormasyon hinggil sa “Kultura ng France: Kaugalian at Tradisyon”, isa-isahin ang mga halimbawang pangyayari sa tunay na buhay na may kaugnayan sa binasang kuwento “Ang Kuwintas” gamit ang kasunod na grapikong presentasyon. Dagdagan pa ang mga kahon kung kinakailangan. Gawin ito sa hiwalay na sagutang papel



Mahusay! Matagumpay mong naisagawa ang unang gawain. Sa bahaging ito, basahin at unawain mo ang tungkol sa maikling kuwento ng tauhan upang matulungan ka sa pag-unawa sa babasahing kuwento mula sa France. Hinihinging magkaroon ka ng pokus sa pagbabasa upang maunawaan mo ito nang mabuti. Handa ka na ba?

Alam mo bang...

Maikling Kuwento ng Tauhan ang tawag sa isang uri ng kuwentong ang higit na binibigyang-halaga o diin ay ang kilos o galaw, ang pananalita at pangungusap at kaisipan ng isang tauhan?

- Naglalarawan ito ng iisang kakintalan sa taong inilalarawan o pinapaksa.
- Kumakatawan siya sa kabuoan ng kuwento sa pamamagitan ng anomang nangingibabaw na idea o ng mga kabuluhan sa kuwento.
- Nangingibabaw rito ang isang masusing pag-aaral at paglalarawan sa tunay na pagkatao ng tauhan sa katha.


- Maraming paraan ang ginagamit ng may-akda sa paglalarawan ng buong pagkatao ng tauhan. Nasasalig ito sa kaniyang panloob na anyo – ang isipan, mithiin, damdamin at gayon din sa kaniyang panlabas na anyo – pagkilos at pananalita.
- Nakatutulong din sa pagpapalitan ng katauhan ang mga pag-uusap ng ibang tauhan sa kuwento tungkol sa kaniya. Ngunit sa pamamagitan na rin ng tauhan nagkakaroon ng pinakambisang paglalarawan ng katauhan at naipakikita ito sa kaniyang reaksiyon o saloobin sa isang tiyak na pangyayari.

Gawain 7: Kaalaman sa Maikling Kuwento

Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang mga pahayag. Lagyan ng tsek (✓) kung ang pahayag ay tumutugma sa katangian ng isang maikling kuwento ng tauhan at ekis (X) naman kung hindi. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

- _____ 1. Ang maikling kuwento ng tauhan ay higit na nagbibigay-pokus sa kilos o galaw, pananalita at kaisipan ng pangunahing tauhan.
- _____ 2. Higit na binibigyang-pansin sa kuwento ang ganapan o tagpuan ng mga pangyayari.
- _____ 3. Nailalarawan ng may-akda ang pagkatao ng pangunahing tauhan sa pamamagitan ng kaniyang panloob na anyo.
- _____ 4. Ang panloob na anyo ng pangunahing tauhan ay nababatay sa kaniyang kilos at pananalita.
- _____ 5. Malaking tulong din ang usapan ng iba pang mga tauhan upang maipakilala ang pangunahing tauhan sa ganitong uri ng kuwento.

Napakahusay! Binabati pa rin kita at nasagutan mo ang gawaing ito. Halina't magpatuloy sa pagbabasa. Alam kong lalo mo itong kawiwilihan.



Pagyamanin

Binabati kita sa iyong pagsisikap na masagutan ang mga katanungan. Pinatunayan mo na ikaw ay handa nang humarap sa mga pagsubok dahil ikaw ay nakarating sa bahaging ito ng ating pag-aaral.

Ngayon ay lalo pa nating pagyamanin ang iyong kaalaman sa Maikling Kuwento ng Tauhan. Iyong babasahin ang isa pang halimbawa ng Maikling Kuwento mula sa Pilipinas upang magkaroon ng paghahalintulad ng Maikling Kuwento mula sa France. Pakiusapan ang isang kapamilya na basahin para sa iyo ang buod nga akdang “Impeng Negro” at pakinggan mo itong mabuti upang maunawaan. Handa ka na ba? Magpatuloy ka na.

Impeng Negro (Buod)

ni Rogelio R. Sikat

Sa isang iskwater ay naninirahan si Impen at ang kaniyang ina at mga kapatid. Sa tuwing aalis ng bahay si Impen bilang isang agwador ay lagi siyang pinagbibilinan ng kaniyang ina na umiwas sa pakikipag-away lalo na kay Ogor.

Si Ogor ang siga sa lahat ng agwador sa kanilang lugar. Madalas nitong tuksuhin si Impen sanhi ng panlabas na anyo nito. Anak siya ng kaniyang ina sa isang Negrong Amerikano. Mayroon siyang kapatid na anak naman ng kaniyang ina sa isang Amerikanong puti kaya ganon na lamang ang pagtukso sa kaniya ng mga tao.

Isang araw sa kaniyang pag-iigib ay muli na naman siyang sinubukan ni Ogor. Pilit na isiningit ni Ogor ang balde nito kahit na si Impen na ang nasa pila. Nakiusap si Impen kay Ogor na hayaan na lamang siyang matapos ngunit hindi ito pumayag kaya naisip na lamang niyang umuwi.

Subalit sa kaniyang paglakad ay pinatid siya ni Ogor at tumama ang pisngi niya sa nabitiwang balde ng tubig. Dahil sa dugong dumaloy sa kaniyang pisngi ay agad nitong tiningala ang kaaway at tinawag ang pangalan nito. Nagulat si Ogor at mabilis siya nitong sinipa at gumulong siya sa mga balde. Nagpambuno ang dalawa. Nagtawanan ang mga tao. Bigla ang paglakas ni Impen. Sinipa ulit siya at sa akmang sisipa ay kinagat ni Impeng ang paa kaya't pumailalim si Ogor at si Impeng ang nasa ibabaw.

Pinaulanan niya ito ng mga suntok dahilan upang humina at sumuko. Natalo at napasuko niya si Ogor. Tumayo at tinignan ang mga tao, ang mga ito ay nahihiya na sa kaniya. Ganoon na lamang ang pagkamangha ng mga kapwa niya agwador. Dahil dito ay natuklasan niya ang kakaibang lakas na taglay at nadama ang tibay, katatagan at kapangyarihan. Sa pagkakataong ito, pangilingilan na siyang tuksuhin ng mga iyon. Sa gitna ng sikat ng araw, siya'y naging sugatang mandirigma na ang tangning hiling ay ang kapayapaan kahit na siya ay iba sa lahat.

Gawain 8: Pag-unawa sa Napakinggan o Nabasa

Panuto: Batay sa napakinggan o nabasang buod ng maikling kuwento, sagutin ang sumusunod na tanong. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.


1. Ano ang pinapaksa ng akda?

2. Sino-sino ang mga tauhan sa kuwento. Ilarawan ang bawat isa.

3. Bakit hindi nakapagpigil si Impen sa kaniyang galit laban kay Ogor?

4. Kung ikaw si Impeng Negro, gagawin mo rin ba ang ginawa niyang paglaban kay Ogor? Bakit?

5. Nagaganap pa ba ang mga pangyayaring binanggit sa akdang napakinggan sa totoong buhay? Magbigay ng mga halimbawang pangyayari.



Isaisip

Gawain 9: Dugtungan Mo!

Panuto: Dugtungan ang sumusunod na pangungusap. Isulat ang sagot sa sagutang papel.




Sa kabuoan...

Natutuhan kong...

Napagtanto kong...

Nahamon akong...



Isagawa

Upang matiyak mo kung talagang naintindihan ang araling ating tinalakay sa mga nagdaang araw tungkol sa maikling kuwento ng tauhan, gawin kung ano ang hinihingi sa kasunod na gawain.

Gawain 10: Isalaysay Mo!

Panuto: Ikaw ay nasa ikatlong taon na ng iyong pag-aaral sa kolehiyo. Magsasagawa ng youth camp ang inyong paaralan na pangungunahan ng Supreme Student Government bilang isa sa mga gawain para sa mga mag-aaral ngayong bakasyon. Inanyayahan kang magsalaysay ng isang testimonya tungkol sa naging karanasan mo bago ka nakatapos ng Junior High School. Ang iyong testimoniya ay dapat taglayin ang sumusunod:

- may mga pangyayaring naranasan na nauugnay sa mga kasalukuyang pangyayari sa daigdig
- may mga halimbawang pangyayari sa tunay na buhay
- angkop sa iyong mga tagapakinig
- may aral o mensahe

Aralin
1.2

Wika at Gramatika:
Panghalip Bilang Panuring
sa Tauhan




Balikan

Binabati kita sa iyong masigasig na pagsagot sa mga katanungan sa nakaraang aralin. Sa bahaging ito, malalaman mo kung paano mabisang magagamit ang panghalip bilang panuring sa mga tauhan para sa isang mabisang pagsasalaysay. Ngunit kailangan mo munang sagutin ang kasunod na gawain bago tayo magpatuloy.

Gawain 1: Hanapin Mo!

Panuto: Balikan ang akdang “Ang Kuwintas”, magtala ng limang (5) pangungusap na gumamit ng panghalip at bilugan ang mga ito at pagkatapos ay gamitin sa sariling pangungusap. Kopyahin ang call out sa sagutang papel at dito isulat ang iyong sagot.



Magaling na magaling! Nagawa mo ang gawain. Sa pagkakataong ito iyo namang babasahin ang isa pang halimbawang bahagi ng maikling kuwento upang masukat ang iyong kaalaman tungkol sa panghalip bilang panuring sa tauhan.



Tuklasin

Mayaman ang ating bansa sa iba't ibang uri ng maikling kuwento. Narito ang isa pang halimbawa ng maikling kuwento ng tauhan na naging tanyag dahil sa magandang mensaheng mapupulot dito. Taglay nito ang mga mahahalagang pangyayaring may kaugnayan sa mga pangyayari sa kasalukuyan. Basahin mo ang buod nito at pagkatapos ay sagutin ang mga kasunod na katanungan.

Ang Kalupi (Buod)

ni Benjamin P. Pascual

Umagang-umaga pa lamang ay masayang-masaya na si Aling Marta. Magtatapos na kasi ang kaniyang anak na dalaga sa pag-aaral. Bitbit ang kaniyang sisidlan, siya ay nagtungo sa pamilihan upang bumili ng uulamin sa pananghalian at garbansos para sa kaniyang dalagang anak. Linggo ng umaga, siksikan na ang palengke. Maririnig ang ingay ng mga nagtitinda at mamimili. Nang dumating si Aling Marta sa panggitnang pasilyo, ay may nagmamadaling batang lalaki na nakabangga sa kaniya. Ang batang lalaki ay mukhang mahirap, makikita ito sa kaniyang kasuotan. Si Aling Marta ay nagalit kahit humingi na ng tawad ang batang lalaki.

Pagkatapos ng pangyayari, siya ay tumungo sa tindahan ni Aling Godyang. Noong siya ay magbabayad na, napansin niyang nawawala ang kaniyang pitaka. Agad niyang hinanap ang batang lalaki, ito ang pinaghihinalaan niyang nagnakaw ng kaniyang pitaka. Nakita niya ang batang lalaki sa karatig na estasyon ng pulis. Agad siyang lumapit at hinatak ang bata sa leeg. Itinanggi ng bata ang akusasyon, sila'y napalibutan na ng mga tao dahil sa kaguluhan. Dahil dito, isang pulis ang lumapit. Siya ay nagtanong ng mga impormasyon sa batang lalaki at pagkatapos ay nagtungo sila sa harap ng estasyon. Pinaghintay sila ng pulis dahil siya ay tatawag lamang upang magpahalili.

Inisip ni Aling Marta ang kaniyang pamilya at ang magiging reaksiyon ng kaniyang asawa kapag nalaman nito na nawalan siya ng pera. Biglang nagdilim ang kaniyang paningin, siya'y napuno ng galit at poot. Dahil dito, nagawang saktan ni Aling Marta ang batang lalaki. Gusto lamang makalaya ng batang lalaki sa mahigpit na pagkakahawak ni Aling Marta. Kinagat niya ang kamay ni Aling Marta at tumakbo palayo sa kaniya. Pumunta siya tungo sa isang malawak na daan at biglang may humahagibis na sasakyang bumangga sa kaniya. Hindi makapaniwala si Aling Marta sa nangyari.

Sa kaniyang pag-uwi, sinalubong siya ng kaniyang anak at tinawag nito ang kaniyang ama. Sinabi nilang naiwan ni Aling Marta ang kaniyang pitaka dahil kinuha ito ng kaniyang asawa upang bumili ng tabako. Hindi makapaniwala si Aling Marta sa takbo ng mga pangyayari kaya nawalan siya ng malay.

Maaari ding ipabasa ito sa isang kapamilya, kaibigan o kamag-anak habang pinakikinggan ng mag-aaral.

Gawain 2: Pag-unawa sa Binasa o Napakinggan

Panuto: Sagutin ang mga katanungan tungkol sa binasa o pinakinggang akda. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

1. Anong halimbawang pangyayari sa tunay na buhay ang maiuugnay mo sa binasa o napakinggang akda?

2. Batay sa napakinggan o binasang akda bakit hinimatay si Aling Marta sa dulo ng kuwento? Ipaliwanag sa pamamagitan ng pagbanggit ng ilang mga pangyayari sa daigdig na may kaugnayan sa pangyayari.

3. Ano-anong mga panghalip ang giamit sa akda? Magtala ng kahit na lima (5).

4. Magsalaysay ng isang pangyayari sa tunay na buhay na may kaugnayan sa binasa o napakinggang akda. Gumamit ng mga panghalip bilang panuring sa tauhan. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.



Suriin

Binabati kita sa iyong pagsisikap na masagutan ang mga katanungan. Pinatunayan mo na ikaw ay handang humarap sa mga pagsubok dahil ikaw ay nakarating sa bahaging ito ng ating pag-aaral. Magpokus ka lang at magagawa mo ito! Sa bahaging ito, malalaman mo kung paano mabisang magagamit ang panghalip bilang panuring sa mga tauhan para sa isang mabisang pagsasalaysay. Kaya halika na't pag-aralan mo na.

Alam mo bang ang...

isang babasahin o teksto ay binubuo ng magkakahiwalay na mga pangungusap o sugnay? Ang mga pangungusap o sugnay na ito, bagaman magkakahiwalay ay pinagdugtong o pinag-uugnay ng mga **Kohesyong Gramatikal**. Ginagamit na pang-uugnay na ito ay **referents** o reperensiya na kung tawagin ay Anapora at Katapora.

Ang **Anapora** ay mga reperensiyang kadalasan ay panghalip sa hulihang bahagi na tumutukoy sa mga nabanggit na sa unahan ng teksto o pangungusap.

Halimbawa:

1. Karamihan sa mga tao ay ikinakabit ang kulturang Pranses sa Paris. **Ito** ang sentro ng moda, pagluluto, sining at arkitektura.
2. Ang France ay mula sa salitang “Francia”. Noong panahon ng Iron Age at Roman era, **ito** ay una nang tinawag na Gaul.

*Pansinin sa unang halimbawa, ang pangngalang Paris sa unang pangungusap ay hinalinhinan ng pangahalip na **ito**, samantalang sa ikalawang pangungusap ang France ay pinalitan din ng panghalip na **ito**.*

3. Hindi nakapagtataka ang matinding pagnanais ni *Mathilde* na magkaroon ng magarang damit para sa kasiyahan. **Siya** ay isang babaeng Frances na kilala sa pagkakaroon ng pinakamaiinam na moda sa pananamit.
4. Marami sa mga kilalang artista ng kasaysayan, kabilang na ang Espanyol na sina *Picasso* at Dutch-born *Vincent van Gogh* ay naghanap ng inspirasyon sa Paris, at **sila** rin ang nagpasimuno ng *impressionism movement*.

Suriin ang mga panghalip na **siya** sa ikatlong pangungusap at **sila** sa ikaapat na halimbawa. Ang mga panghalip na ito ay ginamit bilang panuring sa ngalan ng mga taong binanggit sa unahan. Ang mga ito ay mga **panghalip na ginamit bilang panuring sa tauhan**.

Ang **Katapora** naman ay mga panghalip sa unahang tutukoy sa mga babanggiting Pangngalan sa hulihan ng teksto o pangungusap.

Halimbawa:

1. **Sila** ay sopistikado kung manamit. Mahilig din sila sa masasarap na pagkain at alak. Ang mga *taga-France* ay masayahin atmahilig dumalo sa mga kasayahan.
2. Labis ang **kaniyang** pagdurusa at paghihinagpis dahil sa may paniniwala **siyang** isinilang **siya** sa daigdig upang magtamasa nang lubos na kaligayahan sa buhay. Taglay ni *Mathilde* ang alindog na hindi nababagay sa kasalukuyang kalagayan sa buhay.

Sa mga halimbawang binanggit, ang panghalip na **sila** ay ginamit bilang panuring sa pangngalang *taga-France* samantalang ang mga panghalip na **kaniyang**, **siyang** at **siya** sa ikalawang halimbawa ay ginamit namang panuring sa pangngalang *Mathilde*.

Tandaan:

Nakababagot na mabasa at marinig ang mga salitang paulit-ulit na ginagamit sa isang teksto o pahayag. Maiiwasan ito kung gagamit tayo ng panghalip. Ang mga ito’y hindi lamang ginagamit na panghalili sa pangngalang binanggit sa unahan ng pangungusap. Ito’y maaaring ipalit sa pangngalang nasa hulihan din ng pangungusap. **Anapora** ang tawag dito kapag ito ay pamalit o pagpapatungkol sa pangngalang ginamit sa unahan at **Katapora** kapag ito ay pamalit o pagpapatungkol sa pangngalang ginamit sa hulihan nito.

Isagawa mo ang sumusunod na pagsasanay upang mahasa ang iyong kasanayan kung paano mo mabisang magagamit ang panghalip bilang panuring.

Gawain 3: Hanapin ang Panghalip

Panuto: Pumili ng limang (5) pangungusap mula sa bahagi ng maikling kuwentong “Ang Kuwintas” na ginamitan ng panghalip. Pagkatapos, isulat sa patlang sa unahan kung ito ay anapora o katapora. Isulat ang mga sagot sa sagutang papel.

Malamig ang pagtanggap ni Madame Forestier kay Mathilde nang isauli niya ang kuwintas. Nagsalita ito sa tuyot na tinig ng “Isinauli mo sana agad ang kuwintas, baka sakaling kinailangan ko ito”. Hindi na binuksan ng kaibigan ang kahon ng kuwintas. Naisip ni Mathilde na kung sakaling nahalata ng kaibigan ang pagkakapalit ng kuwintas, ano kaya ang aakalalin at sasabihin nito sa kaniya? Hindi kaya iisiping siya’y magnanakaw?

Ngayo'y lubos na naunawaan ni Mathilde ang mamuhay sa gitna ng tunay na karalitaan. Nabigla siya sa bagong papel na kailangan niyang gampanan ay tinanggap niya iyon at buong tatag na ginampanan. Dapat mabayaran ang napakalaki nilang pagkakautang. Pinaalis nila ang kanilang utusan, lumipat ng ibang tirahan, nagtiis sila sa pangungupahan sa isang maliit na silid sa kaituktukan ng isang bahay-paupahan.

- _____ 1. _____
- _____ 2. _____
- _____ 3. _____
- _____ 4. _____
- _____ 5. _____

Gawain 4: Pagsasanib ng Gramatika at Retorika

Panuto: Basahin ang mga pangungusap sa bawat bilang. Tukuyin ang pangunahing *Pangngalan* sa pangungusap. Punan ng angkop na *Panghalip* ang sumusunod na patlang at tukuyin kung ito ay *Anapora* o *Katapora*. Isulat lahat ng mga kasagutan sa talahanayan sa inyong sagutang papel.

1. Pinapangarap _____ maging marangya. Hindi natamasa ni Mathilde ang tunay na karangyaan.
2. Si Monsiuer Loisel ay abang tagasulat na napangasawa ni Mathilde. _____ ay isang mabait na asawa.
3. Nagningning siya sa pagdiriwang ng palasyo. Natalo niya sa kagandahan ang mga babae _____.
4. Sumakay sila sa isang Dokar. _____ ay may kalumaan na.
5. Hinanap _____ ang kuwintas sa kung saan-saan man. Naubos ang pag-asa ng mag-asawa.
6. Napilitan _____ bumili ng kaparehong kuwintas. Ang mag-asawa ay gumawa ng paraan upang mabili ito.
7. Nangutang sa kung kani-kanino si G. Loisel. _____ ay maparaan.
8. _____ ay tumanda dahil na rin sa kahirapan. Si Mathilde ay kahabag-habag.
9. Muling nagkita ang magkaibigan sa parke. _____ niya isinalaysay ang buong pangyayari.
10. _____ ay imitasyon lamang. Ang kuwintas ay yari lamang sa puwit ng baso.

Pangngalan	Panghalip	Kohesiyong Gramatikal (Anapora/Katapora)
1.		
2.		
3.		
4.		
5.		
6.		
7.		
8.		
9.		
10.		




Isaisip

Gawain 5: Nauunawaan Ko Na

Panuto: Sagutin ang sumusunod na tanong. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

1. Masasalamin ba sa maikling kuwento ang karaniwang buhay ng mga tao sa isang lipunan? Patunayan.

2. Paano nakatutulong ang panghalip sa pagbuo ng pangungusap?



Isagawa

Lalo akong nasisisyahan sa pagpupursigang iyong ipinakikita. Ito ay isang patunay na kayang-kaya mo na. Ngunit huwag ka munang susuko. Tingnan naman natin ang iyong kahusayan sa susunod na gawain. Isagawa ang paglalapat sa hiwalay na sagutang papel.

Gawain 6: GRASPS

Goal	Ikaw ay makasusulat ng sariling maikling wakas ng Maikling Kuwentong “Ang Kuwintas”. Gumamit ng panghalip bilang panuring sa mga tauhan.
Role	Ikaw ay magiging isang manunulat at mananalaysay
Audience	Guro, mga kapwa mag-aaral.
Situation	Ipagpalagay na ika’y lalahok sa isang paligsahang magaganap sa iyong paaralan kaugnay ng pagdiriwang ng “Buwang ng Wika”. Isasalaysay sa harap ng mga manonood ang inyong ginawang sariling wakas ng kuwento.
Product	Sariling wakas ng maikling kuwento
Standards	A. Malinaw na nilalaman..... 30 puntos B. Estruktura ng pagkakasalaysay.....30 puntos C. Paggamit ng panghalip.....20 puntos D. Daloy ng kaisipan 20 puntos Kabuoan.....100 puntos



Tayahin

Mahusay! Binabati kita dahil nakaabot ka sa bahaging ito. Tiyak marami kang natutuhan sa iba't ibang mga aralin sa Modyul na ito. Ngayon, ating tatayahin ang iyong kaalaman sa nakalipas na aralin.

PANGWAKAS NA PAGTATAYA

A. Panuto: Basahin at piliin mo sa Kolum B ang tumutukoy sa mga salitang nasa Kolum A. Isulat ang letra ng tamang sagot sa inyong sagutang papel.

KOLUM A

- _____ 1. French
- _____ 2. Gaul
- _____ 3. Katoliko
- _____ 4. Egalite
- _____ 5. Crusty baguettes
- _____ 6. Chauvinism
- _____ 7. Mathilde
- _____ 8. G. Loisel
- _____ 9. Madam Forestier
- _____ 10. Paris

KOLUM B

- A. Isang mapagmahal na asawa
- B. Pangunahing Relihiyon ng France
- C. Pagkakapantay-pantay
- D. Matinding patriyotismo
- E. Isang mapanghalina at sopistikado babae
- F. Tinapay na mahaba
- G. Mayamang ale na may-ari ng alahas
- H. Unang tawag sa bansang France
- I. Sentro ng moda, porma at nauuso
- J. Opisyal na wika ng France

B. Panuto: Basahing mabuti ang mga kasunod na aytem. Piliin ang letra ng pinakatamang sagot at isulat ito sa inyong sagutang papel.


- _____ 1. Ano ang tawag sa isang uri ng kuwento na ang higit na binibigyang-halaga o diin ay ang kilos o galaw, ang pagsasalita at pangungusap ng isang tauhan?
 - A. kuwentong makabanghay
 - B. kuwento ng katutubong-kulay
 - C. kuwento ng tauhan
 - D. kuwento ng kababalaghan
- _____ 2. “Lubhang nalibang si Mathilde sa pakikipagsayaw kaya’t mag-iikapat na ng madaling araw nang silang mag-asawa’y umuwi. Tanging isang lumang dokar na lamang ang kanilang nasakyan.” Ang dokar ay isang _____.
 - A. kalesa
 - B. maliit na bangka
 - C. lumang kotse
 - D. pampasaherong dyip
- _____ 3. Ipinaghihinagpis ni Mathilde ang karukhaan ng kaniyang lumang tahanan ang nakaaawang anyo ng mg dingding, ang mga kortinang sa paningin niya ay napakapangit. Kung ikaw si Mathilde, ano ang dapat mong gawin para matupad ang mga pangarap mo sa buhay?
 - A. Hihiwalayan ko ang aking asawa at maghahanap ng lalaking mayaman.
 - B. Titiisin ko na lamang ang kahirapang ito at makuntento na sa kung ano ang kaya niyang maibigay.
 - C. Maghahanap ako ng trabaho upang matulungan ang aking asawa nang gumaan ang aming buhay.
 - D. Ipamumukha ko sa aking asawa na hindi ako masaya sa uri ng buhay na kaya niyang ibigay.

- _____ 4. Paano naiuugnay ang katangian ni Mathilde sa pangkalahatang kaisipan ng mga taga-France?
 A. sa kaisipang mapagpalaya at mapagtanggol
 B. sa pag-iisip na sila ay malamaharlika
 C. sa mataas na estado ng pamumuhay
 D. sa kaisipan ng pagkakapatiran
- _____ 5. “O, kahabag-habag kong kaibigan! Ang ipinahiram ko sa iyong kuwintas ay imitasyon lamang.” Sinong tauhan ang nagturan nito?
 A. G. Loisel
 B. Mathilde Loisel
 C. Sister Gudule
 D. Madame Forestier
- C. Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang bawat aytem. Piliin ang pinakaangkop na letrang tutugma sa bawat pahayag. Isulat ang napiling letra sa inyong sagutang papel.
- _____ 1. Ano ang tawag sa mga salitang ginagamit upang pagdugtugin o pag-ugnayin ang mga pangungusap?
 A. Kohesyong Gramatikal
 B. Mga Kohesyong Pahayag
 C. Kohesyong Reperens
 D. Gramatikal na Pahayag
- _____ 2. Ito ay reperensiya na kadalasan ay panghalip na tumutukoy sa mga nabanggit na sa unahan ng teksto o pangungusap.
 A. Anapora
 B. Anapora at Katapora
 C. Katapora
 D. Kohesyon
- _____ 3. Ito ay reperensiya na bumabanggit at tumutukoy sa mga bagay na nasa hulihan pa ng teksto o pangungusap.
 A. Anapora
 B. Anapora at Katapora
 C. Katapora
 D. Kohesyon
- _____ 4. Sa pangungusap na “Sila ay sopistikado kung manamit. Ang mga taga-France ay masayahin at mahilig dumalo sa mga kasiyahan.” Aling salita ang tumutukoy sa panghalip na sila?
 A. Sopistikado
 B. France
 C. kasayahan
 D. Taga-France
- _____ 5. Sa pangungusap na, Ang France ay galing sa salitang Francia. Noong panahon ng Iron Age at Roman era, ito ay tinawag na Gaul. Anong salita ang pinalitan ng nakasalungguhit sa pangungusap?
 A. Rhineland
 B. Gaul
 C. Iron Age
 D. France
- _____ 6. Alin sa mga sumusunod ang TOTOO sa Anapora?
 A. Mga Panghalip sa unahang tutukoy sa mga babanggiting Panggalan sa hulihan ng teksto o pangungusap.
 B. Mga Panghalip sa hulihang tumutukoy sa mga nabanggit na Panggalan sa unahan ng teksto o pangungusap.
 C. Mga Panghalip sa hulihang tutukoy sa mga babanggiting Panggalan sa hulihan ng teksto o pangungusap.
 D. Mga Panghalip sa unahang tumutukoy sa mga nabanggit na Panggalan sa unahan ng teksto o pangungusap.
- _____ 7. “Siya ay isang mapanghalinang babae. Si Mathilde ay isinilang sa angkan ng mga manunulat.” Anong kohesiyong gramatikal ang nagamit sa pangungusap?
 A. Anapora
 B. Katapora
 C. Panghalip
 D. Pangngalan

- _____ 8. “Si Mathilde ay nagtagumpay sa gabing iyon. Siya ay nagningning sa piging.” Anong kohesiyong gramatikal ang nagamit sa pangungusap?
A. Anapora B. Katapora C. Panghalip D. Pangngalan
- _____ 9. Anong panghalip ang angkop sa patlang ng pangungusap? _____ isa sa mga magaganda’t mapanghalinang babae na sa pagkakamali ng ay isinilang sa angkan ng mga tagasulat.
A. Ako’y B. Ika’y C. Kami’y D. Siya’y
- _____ 10. Anong kohesiyong gramatikal ang ginamit sa pangungusap bilang 9?
A. Anapora B. Katapora C. Panghalip D. Pangngalan



*Lubos na Mahusay! Ang galing mo! Binabati kita sa matiyaga mong pakikibahagi sa pagtalakay sa mga aralin. Alam kong nakapapagod maglakbay ngunit sulit naman dahil matagumpay mong nalaman ang Maikling Kuwento ng France at ang Panghalip bilang Panuring. Ihanda mo ang iyong sarili sa kasunod na modyul – **Modyul 6 (Nobela mula sa France)**.*



Susi sa Pagwawasto

ARALIN 1.1 (Panitikan: Ang Kuwintas)

- C.**
1. kalesa
 2. kaawa-awa
 3. nagdadalawang-isip
 4. halina / kagandahan
 5. nagpapautang nang may mataas na tubo
- D.**
1. silang
 2. dito
 3. kamiyang
 4. kamiya
 5. kanilang

PAUNANG PAGTATAYA

- A.** Iba-iba ang sagot.
B. Iba-iba ang sagot.

BALIKAN

Gawain 1: Pagsusunod-sunod ng mga Pangyayari

Iba-iba ang sagot.

TUKLASIN

Gawain 2: Paglinang ng Talasalitaan

1. A
2. E
3. D
4. C
5. B

Gawain 3: Pagbibigay-kahulugan

1. Paghihirap / kakapusan
2. Nagdadalawang-isip
3. Halina / kagandahan
4. Alaala / paningin/pananaw
5. nakadarama/ kalong

Gawain 4: Pag-unawa sa Maikling Kuwento

Iba-iba ang sagot.

Gawain 5: Pananaw Ko, Ibabahagi Ko

Iba-iba ang sagot.

SURIIN

Gawain 6: Pag-uugnay sa Tunay na Buhay
 Gawain 7: Kaalaman sa Maikling Kuwento

Iba-iba ang sagot.

1. ✓
2. X
3. ✓

4. X
5. ✓

PAGYAMANIN

Gawain 8: Pag-unawa sa Napakindingan o Nabasa

Iba-iba ang sagot.

ISAGAWA

Gawain 9: Dugtungan Mo!

Iba-iba ang sagot.

ISAGAWA

Gawain 10: Isalaysay Mo!

Iba-iba ang sagot.

ARALIN 1.2 (Wika: Panghalip Bilang Panuring sa Tauhan)

BALIKAN

Gawain 1: Hanapin Mo!

Iba-iba ang sagot.

TUKLASIN

Gawain 2: Pag-unawa sa Binasa o Napakinggan

Iba-iba ang sagot.

SURIIN

Gawain 3: Hanapin ang Panghalip

Iba-iba ang sagot.

PAGYAMANIN

Gawain 4: Pagsasanib ng Gramatika at Retorika

Pangngalan	Panghalip	Kohesiyong Gramatikal
1. Mathilde	Niyang / Niya	Katapora
2. Monsiuer Loisel	Siya	Anapora
3. Palasyo	Roon	Anapora
4. Dokar	Ito	Anapora
5. Mag-asawa	Nila	Katapora
6. Mag-asawa	Silang / Sila	Katapora
7. G. Loisel	Siya	Anapora
8. Mathilde	Siya	Katapora
9. Parke	Dito / Doon	Anapora
10. Kuwintas	Ito	Katapora

ISAISIP

Gawain 5: Nauunawaan Ko Na

Iba-iba ang sagot.

ISAGAWA

Gawain 6: GRASPS

Iba-iba ang sagot.

PANGWAKAS NA PAGTATAYA

A.

1. J
2. H
3. B
4. C
5. F

6. D
7. E
8. A
9. G
10. I

B.

1. C
2. A
3. C
4. B
5. D

C.

1. A
2. A
3. C
4. D
5. D

6. B
7. B
8. A
9. D
10. B

Sanggunian

Ambat, V.C., et.al (2015). *Filipino 10 Modyul para sa Mag-aaral – Ang Kuwintas*. Pasig City: Vibal Group, Inc. pa. 57-72.

French Culture: Customs and Traditions – Live Science. Nahango noong Mayo 15, 2020 mula sa <https://www.livescience.com/39149-french-culture.html>

Buod ang Kuwintas. Nahango noong Mayo 15, 2020 mula sa <https://brainly.ph/question/385347>

Ang Kuwintas. Nahango noong Mayo 15, 2020 mula sa <https://www.youtube.com/watch?v=SCUprYhoT6I>

France. Nahango noong Mayo 20, 2020 mula sa <https://en.m.wikipedia.org/wiki/France>

Anapora at Katapora. Nahango noong Mayo 20, 2020 mula sa <https://www.slideshare.net/mobile/teodosiojohnanthony/anapora-at-katapora>

Ang Kalupi. Nahango noong Hunyo 29, 2020 mula sa <https://lynonnerhyme.wordpress.com/2018/11/22/buod-ng-ang-kalupi-ni-benjamin-pascual/>

Kabuluhan ng Buhay. Nahango noong Hunyo 29, 2020 mula sa <https://emmarflojo2892.blogspot.com/2012/08/kwento-ng-tauhan-kabuluhanng-buhay-ni.html>

Pagbibigay kahulugan sa pagbasa. Nahango noong Hunyo 29, 2020 mula sa <https://www.slideshare.net/jericlazo716/filipinopagbibigay-kahulugan-sa-pag>

Impeng negro Maikling Buod. Nahango noong Hunyo 29, 2020 mula sa <https://brainly.ph/question/874862>

Ramos, Ernesto Jr., *Larawan ng Mathilde*. Nahango mula sa <https://www.kidsworldfun.com/short-stories/the-necklace-by-guy-de-maupassant.php>

Dominguez et.al (1990). *Hiyas ng Wika*: Abiva Publishing

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph